# Inaanyayahan Tayo ni Jesucristo na Maghanda para sa Kanyang Ikalawang Pagparito sa pamamagitan ng . . .

## . . . pag-alis sa Babilonia (kasamaan) (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:4–5, 7, 12–14).


Itinuro ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, na noon ay kabilang sa Unang Panguluhan:



Ang sinaunang lungsod ng Babilonia ay gumuho na. Ang ganda nito ay matagal nang naglaho. Ngunit ang kamunduhan at kasamaan ng Babilonia ay nagpapatuloy. Ngayon ay nasa atin ang responsibilidad na mamuhay bilang mga mananampalataya sa mundo ng kawalang-paniniwala. . . . Kailangan nating manatiling mahinahon sa kabila ng pamimilit ng iba, huwag humanga sa popular na mga kalakaran o mga huwad na propeta, huwag pansinin ang pangungutya ng mga di makadiyos, ang panunukso ng diyablo, at alisin ang ating katamaran. (Dieter F. Uchtdorf, "Huwag Kang Matakot, Manampalataya Ka Lamang," *Liahona*, Nob. 2015, 77–78)

## . . . pagtitipon ng Israel (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:4, 7–9, 37–38).

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson:



Sa *bawat oras* na gumawa kayo ng *kahit ano* na tutulong sa *kahit sino*—sa magkabilang panig ng tabing—na makalapit sa paggawa ng mga tipan sa Diyos at tanggapin ang kanilang mahalagang ordenansa ng pagbibinyag sa templo, tumutulong kayo na tipunin ang Israel. Ganito lang ito kasimple. (Russell M. Nelson, sa "Pag-asa ng Israel" [pandaigdigang debosyonal para sa mga kabataan, Hunyo 3, 2018], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

## . . . nagsisisi at pinababanal sa pamamagitan ni Jesucristo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 133:5, 16, 34–35, 62).

Ipinaliwanag ni Sister Carol F. McConkie, dating Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency:



Sa pagsampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, maaari tayong maging malinis, walang bahid-dungis, kapag pinagkaitan natin ang ating sarili ng lahat ng kasamaan at taos-puso tayong nagsisi. Binibinyagan tayo sa tubig para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang ating mga kaluluwa ay pinababanal kapag tinanggap natin ang Espiritu Santo nang may bukas na puso. Linggu-linggo, tumatanggap tayo ng ordenansa ng sakramento. Sa pagsisisi, na may taos na hangaring magpakabuti, nakikipagtipan tayo na handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, alalahanin Siya, at sundin ang Kanyang mga utos nang sa tuwina ay makasama natin ang Kanyang Espiritu. (Carol F. McConkie, "Ang Kagandahan ng Kabanalan," *Liahona*, Mayo 2017, 10)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_461-1